

Pababain ang Iyong Blood Pressure, Pataasin ang Iyong Kalusugan

Packet 2: Mga Gamot

Para sa araw-araw na payo tungkol sa pamamahala ng mataas na blood pressure sa L.A. Health Services, basahin ang mga handouts na ito at makipag-usap sa iyong team (mga taong) na nangangalaga ng iyong kalusugan.*

Packet 1: Mga Pangunahin

Pag-unawa sa Mataas na Blood Pressure	02
Mga Payo para sa Pagkuha ng Aking Blood Pressure	04
Planong Aksyon: Pagkontrol ng Aking Blood Pressure	06


Packet 2: Mga Gamot

Paano Masusuportahan ng Mga Gamot para sa Blood Pressure ang Aking Kalusugan?	11
Mga Payo para sa Pag-inom ng mga Gamot para sa Blood Pressure	13
Pag-unawa sa Aking Mga Gamot para sa Blood Pressure	15

Humingi sa iyong team na nangangalaga ng iyong kalusugan ng mga handouts na nasa Ingles.

Ask your health team for handouts in English.

*Ang mga handouts na ito ay para lamang magbigay ng impormasyon. Hindi ito payong pangmedikal, at hindi pinapalitan ng mga ito ang payo na ibinibigay ng iyong doktor.



This project is funded by the National Institutes of Health (NIH) and was developed in partnership with RAND. N01HL000001 Grant # U01HL154302



Paano Makakatulong ang Mga Gamot para sa Blood Pressure sa Aking Kalusugan?


Karamihan sa mga taong may mataas na blood pressure ay kailangang uminom ng mga gamot para sa blood pressure. Ang mga gamot para sa blood pressure **ay ligtas, napatunayang gumagana at kaunti ang mga pangmatagalang panganib.**

Bagamat walang lunas para sa altapresyon, ang pag-inom ng gamot, na kadalasan ay panghabangbuhay ay tumutulong na makontrol ang blood pressure. **Tumutulong ito na pababain ang panganib ng atake sa puso, stroke at iba pang malubhang problema mula sa altapresyon.**

Ang mga gamot para sa blood pressure ay kadalasang inirereseta ng iyong doktor kung:

- Palaging napakataas ng mga numero ng blood pressure na nakukuha mo.
- Ang pag-inom ng mga gamot kasabay ng mga pagbabago sa araw-araw na gawi ay maaaring mapababa nang mas mabuti ang iyong blood pressure.
- Mayroon kang ilang kondisyon sa puso o kalusugan.

Pag-unawa ng bote ng iyong gamot:



*Paano pa kukuha ng gamot o “mga refill.”

2 linggo bago mo maubos ang iyong gamot:

- Kung mayroon ka na lang 1 o mahigit pang refill, tawagan ang iyong parmasya. Para sa mga refill sa mga botika ng L.A. Health Services, tumawag sa 800-500-1853. Pumunta sa parmasya para kunin ang gamot.
- Kung wala ka nang refill (o 0 refill), kontakin ang opisina ng iyong doktor.

Ano ang dapat kong malaman tungkol sa mga gamot para sa blood pressure?

1. Inumin sa oras ang iyong mga gamot, kahit na mabuti ang pakiramdam mo. Sundin ang mga instruksyon na nakalagay sa bote ng iyong gamot.

- Kadalasan, ganap na normal ang nararamdaman ng mga tao kapag mataas ang kanilang blood pressure. Kaya mahalagang inumin sa oras ang mga gamot para sa blood pressure, kahit na mabuti ang pakiramdam mo o normal ang mga numero ng blood pressure.
- Kung may mga problema ka, kausapin ang iyong doktor bago itigil ang mga gamot.

2. Matagal bago malaman kung aling mga gamot ang pinakamabuti para mapababa ang iyong blood pressure. Magkaroon ng pasensya at sabihin sa iyong doktor ang anumang alalahanin tungkol sa mga gamot. Kaya mo ito! Mahirap, pero makakaya mo! Maging matiyaga sa pagsubok ng mga gamot dahil mahalaga ang iyong kalusugan!

- Inaabot ng ilang linggo ang iyong mga gamot bago nito mapababa ang iyong blood pressure.
- Tanungin ang iyong doktor kung kailan ang susunod mong appointment sa kanila. Sabihin sa iyong mga doktor ang tungkol sa anumang problema para makapunta sa mga appointment (transportasyon, oras, atbp.)
- Para mahanap ang mga tamang gamot para sa iyo, maaaring maingat na baguhin ng doktor mo ang lakas ng gamot (o “dosis”), uri ng gamot o magdagdag ng isa pang gamot.

3. Ang mga gamot ay maaaring magdulot ng mga side effect tulad ng pag-ubo, pagtatae o madalas na pag-ihi.

- Gumagana ang iba’t ibang mga gamot sa iba’t ibang mga bahagi ng katawan. Ito rin ang dahilan kung bakit maaaring magdulot ng iba’t ibang mga side effect ang mga gamot. Maaaring mawala ang mga side effect sa katagalan.
- Kausapin ang iyong team na nangangalaga ng iyong kalusugan sa anumang side effect na nakakaabaala sa iyo.

4. Karamihan sa mga taong may mataas na blood pressure ay nireresetahan ng dalawa o mahigit pang mga gamot, madalas panghabangbuhay na sabay na gumagana para mapababa ang blood pressure.

- Ang dalawa o mahigit pang mga gamot ay pinapababa ang blood pressure kaysa sa isang gamot lang.

5. Kung umiinom ka ng ibang gamot o substance, kausapin ang iyong doktor.

- Ang ilang gamot ay maaaring pataasin ang iyong blood pressure, kasama ang naproxen, ibuprofen, pseudoephedrine, ilang antidepressants, ilang birth control, caffeine, mga stimulant, at mga amphetamine.
- Ang paggamit ng mga substance na tulad ng cocaine o methamphetamine, ay maaaring magpataas ng blood pressure. Kausapin ang iyong doktor.

Mga Payo para sa Pag-inom ng mga Gamot para sa Blood Pressure

Para sa karamihan ng mga tao, mahirap uminom ng gamot dahil sa iba't ibang mga dahilan. Narito ang ilang payo! Kausapin ang iyong team na nangangalaga ng iyong kalusugan tungkol sa anumang alalahanin, para masuportahan ka nila nang mas mabuti.

“Aayos lang ako. Hindi ko kailangang uminom ng mga gamot.”

- Inumin sa oras ang iyong mga gamot dahil maaaring ganap na normal ang nararamdaman mo kahit na mataas ang iyong blood pressure. Kausapin ang iyong doktor bago itigil ang mga gamot.
- Inumin ang iyong mga gamot ayon sa inireseta para tulungan kang maiwasan ang atake sa puso, stroke at iba pang mga malubhang problema mula sa mataas na blood pressure.

“Nakakalimutan kong inumin ang aking mga gamot.”

- Kung makakabili ka ng murang lalagyan ng gamot, gamitin ito para ayusin ang iyong mga gamot bawat linggo. Mas pinadadali nitong malaman kung nainom mo na o hindi ang iyong mga gamot.
- Mag-set ng alarma araw-araw sa iyong telepono para paalalahanan kang minom ng mga gamot.
- Inumin ang iyong gamot kasabay ng ibang araw-araw na gawain, tulad ng pagkatapos magsipilyo.
- Hilingin sa iyong kapamilya o kaibigan na tulungan kang paalalahanan na inumin ang iyong mga gamot.

“Nag-aalala ako sa pag-inom ng napakaraming gamot.”

- Tanungin ang iyong doktor o pharmacist tungkol sa kumbinasyon ng mga gamot, na pinagsasama ang maraming gamot para sa blood pressure sa isang gamot na madaling inumin.
- Dalhin ang mga bote ng iyong gamot sa opisina ng doktor mo, para suriin ang iyong mga gamot.
- Magpanatili ng listahan ng mga gamot mo gamit ang Listahan ng Aking Gamot na mula sa AHA o app sa telepono.

“Umiinom ako ng mga suplemento, mga karaniwang gamot o mga herbal na remedyo.”

- Dalhin ang iyong listahan ng suplemento sa susunod mong appointment sa doktor.

“Nakakalimutan kong i-refill ang aking mga gamot.”

- Tanungin ang iyong botika (pharmacy) tungkol sa mga awtomatikong refill, mga paalala sa gamot o pareho.
- Tanungin ang iyong doktor kung maaaring mas mapatagal ang iyong mga refill, kung maaari, hanggang 90 araw.
- Tanungin ang iyong botika kung maaari nilang ipadala sa iyo sa koreo ang mga gamot mo.
Para sa mga pasyente ng L.A. Health Services, tumawag sa 213-288-8480 para mag-sign up para ipadala sa iyo ang mga refill. Libre ito! Dalawang linggo bago maubos ang iyong gamot, tumawag sa 800-500-1853 para ipadala ang iyong refill.

“Wala akong oras o lakas para isipin ang tungkol sa presyon ng dugo.”

“Hindi ko alam kung nakakaapekto ang mga gamot sa aking kalusugan.”

- Magsalita ka! Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa iyong mga tanong at alalahanin. Maaari kang magsama ng kapamilya o kaibigan para tumulong! Mahalaga ang kalusugan mo!

“Hindi ko naiintindihan ang label sa bote ng aking gamot.”

- Kausapin ang iyong pharmacist at doktor. Maaari nilang i-print ang label nang nasa wikang pipiliin mo o gagawing mas malaki ang mga letrang nakasulat.

“Sa tingin ko may mga side effect ako sa aking mga gamot, at hindi ko gusto ang mga ito.”

- Kung hindi gaanong malubha ang mga sintomas, ipagpatuloy ang pag-inom ng iyong mga gamot at maghintay ng ilang linggo para malaman kung kumusta ang pakiramdam mo. Nawawala ang karamihan sa mga side effect pagkatapos masanay ang iyong katawan sa mga ito.
- Kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagsubok ng ibang gamot. Iba’t iba ang reaksiyon ng katawan ng tao sa mga ito. Gusto nilang makatulong maghanap ng tamang gamot para sa iyo.

“Kung wala akong insurance sa kalusugan, ano ang mga opsyon ko?”

- Ang L.A. Health Services ay nakatuon sa pagtulong sa mga pasyente sa mga pagbabayad sa pamamagitan ng Medi-Cal o magbigay ng tulong pinansyal sa mga pasyente sa pamamagitan ng Mga Programa ng Tulong Pinansyal. Tanungin ang iyong team na nangangalaga ng iyong kalusugan para sa higit pang impormasyon.

“Napakamahal ng mga gamot ko.”

- Humingi ng “generic” o mga gamot na mura, kadalasan ay mas mura pa kaysa sa “brand name” na mga gamot. Pareho ang bisa ng “generic” at “brand name” na mga gamot!
- Gumamit ng mga coupon o mga programa para sa murang gamot.
- Kausapin ang iyong team na nangangalaga ng iyong kalusugan tungkol sa mga paraan para mapababa ang halaga ng iyong mga gamot.

Pag-unawa ng Aking Mga Gamot para sa Presyon ng Dugo

Pagpili ng mga gamot

Ikaw at ang iyong doktor ay maaaring pumili mula sa maraming mahusay at ligtas na gamot sa blood pressure. Kausapin ang iyong doktor kung anong pinakamahalaga para sa iyo:

- ☐ Dami ng beses na iinumain ang gamot araw-araw
- ☐ Mga side effect
- ☐ Mga alerhiya sa gamot
- ☐ Magkano ang dapat mong bayaran para sa mga gamot
- ☐ Kung available ba ang gamot sa iyong botika (pharmacy)

Sa aling mga side effect ko dapat tawagan kaagad ang aking doktor?

Ang ilang gamot ay maaaring magdulot ng ilan sa mga hindi karaniwan, ngunit malubhang mga side effect.

- Mga allergic reaction (tagulabay, pantal, natutuklap na balat, pamamaga ng mukha)
- Pananakit ng dibdib o presyon sa dibdib
- Pamamaga ng bibig o leeg na nauugnay sa mga ACE inhibitor
- Depression
- Sobrang pagkahilo o nahihimatay
- Pintig ng puso na masyadong mabilis o masyadong mabagal
- Mga senyales ng problema sa atay (maitim na ihi, nagsusuka, naninilaw na balat o mga mata)
- Bagong pamamanhid o pangingimay
- Mga problema sa bato (hindi makaihi, may dugo sa ihi)
- Kapos na paghinga
- Matinding pananakit ng tiyan
- Matindig pantal sa balat

Magtanong sa iyong doktor ng mga katanungang mahalaga sa iyo. Ilang halimbawa

- ☐ Ano ang mga posibleng opsyon? Bakit? Ano ang mga maganda at hindi maganda sa bawat opsyon?
- ☐ Ano ang maaaring mangyaring kung susundin ko O hindi ko susundin ang iyong payo (tulad ng pag-inom ng gamot)?
- ☐ Gaano ko katagal kailangang sundin ang payo na ito? Ano ang gusto nating makamit?
- ☐ Maaari ba ninyong isulat ang payo na ito?

Ibahagi ang mga opinyon mo (at ng iyong mga mahal sa buhay).

- ☐ Gusto kong sabihin sa inyo kung ano ang pinakamahalaga sa akin (tulad ng pamilya, kalusugan, trabaho, pera) at kung paano makakaapekto ang mga ito sa aking mga desisyong pangkalusugan.
- ☐ Ako (at ang aking mga mahal sa buhay) ay mayroong mga alalahanin tungkol sa: _____.

Maaari kang magsama ng kapamilya o mga kaibigan sa iyong mga appointment. O hilingin na samahan ka habang ikaw ay nakikipag-usap sa telepono.

Makakuha ng malinaw na komunikasyon

- ☐ Maaari ba tayong gumamit ng interpreter sa wikang ito: _____?
- ☐ Kailan tayo dapat mag-iskedyul ng aking susunod na appointment?
- ☐ Paano ko kayo makokontak kung mayroon akong mga tanong o problema?

Mga Gamot para sa Presyon ng Dugo

→ Ang mga karaniwang ginagamit na gamot sa L.A. Health Services ay nasa kulay abo*

Ang iba't ibang gamot ay gumagana sa iba't ibang mga bahagi ng katawan para mapababa ang presyon ng dugo. Kausapin ang iyong doktor bago magpalit ng mga gamot o dosis ng gamot.

Mga Pangalan ng mga Gamot <i>(Paano bibigkasin ang pangalan ng gamot)</i>	Uri ng Gamot	Paano pinabababa ng gamot ang presyon ng dugo	Mga Karaniwang Side Effects <i>Maaaring wala, may isa or ilan sa mga nakalistang side effect ay maaaring mawala sa katagalan ng pag-inom ng gamot</i>
Amiloride <i>a mil' oh ride</i>	Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ihing) o "water pill"	Dumaraan ang mga gamot sa bato at nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Pagtatae, kabag, sakit ng ulo, heartburn, sinisikmura
Amlodipine <i>am-loh-dih-peen</i>	Calcium Channel Blocker	Nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Pamamaga ng bukong-bukong, pagkahilo, pamumula, pagduduwal, sinisikmura
Atenolol <i>a ten' oh lol</i>	Beta Blocker	Pinababagal ang pintig ng puso at nire-relax (pinapagpahinga) ang mga daluyan ng dugo	Pagtatae, pagkahilo, pagod, pagduduwal
Benazepril <i>ben-az-eh-pril</i>	Angiotensin Converting Enzyme (ACE) Inhibitor	Nire-relax ng gamot ang mga daluyan ng dugo at dumaraan sa mga bato para alisin ang tubig at asin sa ihi	Ubo, pagkahilo, sakit ng ulo
Bumetanide <i>byoo met' a nide</i>	Loop Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ihing) o "water pill"	Dumaraan ang gamot sa mga bato at inaalis ang tubig at bato sa ihi	Madalas na pag-ihing, pagkahilo, sakit ng ulo, sinisikmura
Captopril <i>kap' toe pril</i>	Angiotensin Converting Enzyme (ACE) Inhibitor	Nire-relax ng gamot ang mga daluyan ng dugo at dumaraan sa mga bato para alisin ang tubig at asin sa ihi	Ubo, pagkahilo, mga pagbabago sa panlasa
Carvedilol <i>kar' ve dil ol</i>	Beta Blocker	Pinababagal ang pintig ng puso at nire-relax (pinapagpahinga) ang mga daluyan ng dugo	Pagkahilo, sakit ng ulo, pagtatae, sinisikmura, pagdagdag ng timbang, pananakit ng kasukasan
Chlorthalidone <i>klor-thal-ih-done</i>	Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ihing) o "water pill"	Dumaraan ang gamot sa mga bato at inaalis ang tubig at bato sa ihi	Pamumulikat, nahihirapang dumumi, pagkahilo, sakit ng ulo, sinisikmura
Clonidine <i>kloe' ni deen</i>	Alpha Agonist	Nire-relax ng gamot ang kalamnan ng puso at mga daluyan ng dugo sa pamamagitan ng epekto ng gamot sa utak	Nanunuyong bibig, nahihirapang dumumi, pagkahilo, sakit ng ulo, sinisikmura <i>*Kung extended release: masamang panaginip, walang gaanong ganang kumain, irritable</i>
Diltiazem <i>dil tye' a zem</i>	Calcium Channel Blocker	Nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Nahihirapang dumumi, ubo, pagkahilo, pamumula, sakit ng ulo, pagod
Enalapril <i>e nal' a pril</i>	Angiotensin Converting Enzyme (ACE) Inhibitor	Nire-relax ng gamot ang mga daluyan ng dugo at dumaraan sa mga bato para alisin ang tubig at asin sa ihi	Ubo, pagkahilo

Mga Sanggunian:

1. Medline. www.medlineplus.gov/druginfo/meds
2. Uptodate Patient Drug Information. www.uptodate.com/contents/

Mga Pangalan ng mga Gamot <i>(Paano bibigkasin ang pangalan ng gamot)</i>	Uri ng Gamot	Paano pinabababa ng gamot ang presyon ng dugo	Mga Karaniwang Side Effects <i>Maaaring wala, may isa or ilan sa mga nakalistang side effect ay maaaring mawala sa katagalan ng pag-inom ng gamot</i>
Enalapril at Hydrochlorothiazide (o HCTZ)	"Kombinasyon na gamot" na may dalawang gamot, enalapril at HCTZ		Madalas na pag-ihi, ubo, pagkahilo, sakit ng ulo, nahihirapang dumumi, pagtatae
Furosemide <i>fyoor oh' se mide</i>	Loop Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ihi) o "water pill"	Dumaraan ang gamot sa mga bato sa pamamagitan ng pag-alis ng tubig at bato sa ihi	Madalas na pag-ihi, nahihirapang dumumi, pagtatae, pagkahilo, sakit ng ulo, pananakit ng tiyan
Hydralazine <i>hye dral' a zeen</i>	Direct vasodilator	Nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Pagtatae, sakit ng ulo, walang gaanong ganang kumain, sinisikmura, pantal, pamumula
Hydrochlorothiazide (o HCTZ) <i>hye-droe-klor-oh-thy-ah-zide</i>	Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ihi) o "water pill"	Dumaraan ang gamot sa mga bato sa pamamagitan ng pag-alis ng tubig at bato sa ihi	Madalas na pag-ihi, nahihirapang dumumi, pagtatae, pagkahilo, sakit ng ulo, pananakit ng tiyan
Indapamide <i>in dap' a mide</i>	Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ihi) o "water pill"	Dumaraan ang gamot sa mga bato sa pamamagitan ng pag-alis ng tubig at bato sa ihi	Pamumulikat, pananakit ng likod, sakit ng ulo, runny nose, kinakabahan
Labetalol <i>la bet' a lol</i>	Beta Blocker	Pinababagal ang pintig ng puso at nire-relax (pinapagpahinga) ang mga daluyan ng dugo	Pagkahilo, baradong ilong, nangangating anit, pananakit ng tiyan
Lisinopril <i>lys-in-oh-pril</i>	Angiotensin Converting Enzyme (ACE) Inhibitor	Nire-relaks ng gamot ang mga daluyan ng dugo at dumaraan sa mga bato para alisin ang tubig at asin sa ihi	Ubo, pagkahilo, sakit ng ulo, pagiging matamlay
Lisinopril at Hydrochlorothiazide (o HCTZ)	"Kombinasyon na gamot" na may dalawang gamot, lisinopril at HCTZ		Madalas na pag-ihi, ubo, pagkahilo, sakit ng ulo, panghihina, nahihirapang dumumi, pagtatae
Losartan <i>loe-sar-tan</i>	Mga Angiotensin Receptor Blocker (ARB)	Nire-relaks ng gamot ang mga daluyan ng dugo at dumaraan sa mga bato para alisin ang tubig at asin sa ihi	Pananakit ng likod, mga sintomas ng sipon, pagtatae, pagkahilo, heartburn, baradong ilong
Losartan at Hydrochlorothiazide (o HCTZ)	"Kombinasyon na gamot" na may dalawang gamot, losartan at HCTZ		Madalas na pag-ihi, pananakit ng likod, mga sintomas ng sipon, pagkahilo, pagtatae, pagtatae
Methyldopa <i>meth ill doe' pa</i>	Alpha Agonist	Nire-relaks ng gamot ang kalamnan ng puso at mga daluyan ng dugo sa pamamagitan ng epekto ng gamot sa utak	Pamamaga ng bukong-bukong, nanunuyong bibig, sakit ng ulo, inaantok, panghihina
Metolazone <i>me tol' a zone</i>	Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ihi) o "water pill"	Dumaraan ang gamot sa mga bato sa pamamagitan ng pag-alis ng tubig at bato sa ihi	Pagkahilo, pakiramdam na namamaga ang tiyan o busog na busog, nahihirapang dumumi, pagtatae, sakit ng ulo, pananakit ng kasukasan
Metoprolol Succinate Metoprolol Tartrate <i>me toe' proe lol</i>	Beta Blocker	Pinababagal ang pintig ng puso at nire-relax (pinapagpahinga) ang mga daluyan ng dugo	Pagtatae, pagkahilo, sinisikmura
Minoxidil <i>mi nox' i dill</i>	Direct vasodilator	Nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Pagtubo ng buhok, sinisikmura, nagsusuka

Mga Sanggunian:

1. Medline. www.medlineplus.gov/druginfo/meds
2. Uptodate Patient Drug Information. www.uptodate.com/contents/

Mga Pangalan ng mga Gamot <i>(Paano bibigkasin ang pangalan ng gamot)</i>	Uri ng Gamot	Paano pinabababa ng gamot ang presyon ng dugo	Mga Karaniwang Side Effects <i>Maaaring wala, may isa or ilan sa mga nakalistang side effect ay maaaring mawala sa katagalan ng pag-inom ng gamot</i>
Nifedipine <i>nye-fed-ih-peen</i>	Calcium Channel Blocker	Nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Pagkahilo, namumula, sakit ng ulo, heartburn, pakiramdam na ninenerbiyos, sinisikmura
Propranolol <i>proe pran' oh lol</i>	Beta Blocker	Pinababagal ang pintig ng puso at nire-relax (pinapagpahinga) ang mga daluyan ng dugo	Nahihirapang dumumi, pagtatae, pagkahilo, pananakit ng tiyan, pagod, sinisikmura, mga kakaibang panaginip
Spironolactone <i>spir on' oh lak' tone</i>	Diuretic o Aldosterone Antagonist	Dumaraan ang gamot sa mga bato sa pamamagitan ng pag-alis ng tubig at bato sa ihi	Pagduduwal, pagtatae, pagkahilo, pagkalagas ng buhok, sakit ng ulo, pananakit ng tiyan
Terazosin <i>ter ay' zoe sin</i>	Alpha Blocker	Nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Panghihina, pagkahilo, sakit ng ulo, matamlay, baradong ilong
Torsemide <i>tore' se mide</i>	Loop Diuretic (gamot para mas mapadalas ang pag-ih) o “water pill”	Dumaraan ang gamot sa mga bato sa pamamagitan ng pag-alis ng tubig at bato sa ihi	Madalas na pag-ih, ubo, nahihirapang dumumi, pagtatae, sakit ng ulo, pananakit ng lalamunan, sinisikmura
Triamterene at Hydrochlorothiazide (o HCTZ)	“Kombinasyon na gamot” na may dalawang gamot, triamterene at HCTZ		Madalas na pag-ih, nahihirapang dumumi, pagtatae, pagkahilo, sakit ng ulo, pagduduwal
Verapamil <i>ver ap' a mil</i>	Calcium Channel Blocker	Nire-relax ang mga daluyan ng dugo	Nahihirapang dumumi, pagkahilo, sakit ng ulo

Mga Sanggunian:

1. Medline. www.medlineplus.gov/druginfo/meds
2. Uptodate Patient Drug Information. www.uptodate.com/contents/